PRIMER

# 6 NA TAON NG RICE LIBERALIZATION LAW:

## LUMULUBHANG KRISIS SA BIGAS

KMP

# PAMBUNGAD

***Sa panahong itinulak ito ng mga ekonomista, mambabatas, at malalaking negosyo, pinangalandakan nilang magmumura ang bigas at uunlad ang lokal na industriya ng bigas dahil sa Rice Liberalization Law (RLL).***

Pero pawang kabaligtaran ang nangyari. Naging mas malubha pa ang krisis sa bigas mula nang ipatupad ang RLL kahit kumpara sa dati nang binansot at pinabayaan nitong kalagayan. Taliwas sa islogang "masagang ani at mataas na kita" ng Department of Agriculture (DA) sa ilalim ng rehimeng Duterte, nanatiling matamlay ang ani at naging mas mababa pa ang kita ng magsasaka ng palay. Gayundin, sa halip na tumungo sa "masaganang agrikultura at maunlad na ekonomiya," na mas abstraktong islogan ng DA sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr., ang lokal na industriya ng bigas at kabuuang agrikulturang Pilipino ay lalong nalulugmok sa krisis at ang kabuuang ekonomya ay lalong nababansot.

***Anim na taon mula nang ipatupad ito, ano nga bang mga ibinunga ng RLL?***

# TALAAN NG NILALAMAN


Pambungad — 05

Ang Rice Liberalization Law (RLL) — 07

- Maikling Kasaysayan — 07
- Pangunahing Laman at Mga Amyenda — 09
- Dagdag-Gastos — 11

Anim na Ibinunga ng Anim na Taon ng Rice Liberalization Law — 16

1. Nakapako ang produksyon ng palay — 16
2. Bumaba ang kita ng magsasaka ng palay — 17
3. Lumaki ang kontrol sa suplay at bahagi sa presyo ng rice traders — 19
4. Dumoble ang importasyon ng mas kaunting rice importers — 23
5. Bumibilis ang pagtaas ng presyo ng bigas — 25
6. Lumubha ang kawalang-seguridad sa pagkain — 26

Pagsasara — 29

Krisis sa Bigas, Krisis ng Malapyudalismo — 29

Tunay na Reporma sa Lupa at Pambansang Industriyalisasyon — 31

# ANG RICE LIBERALIZATION LAW (RLL)


## Maikling Kasaysayan

Direktang ibinunga ang RLL ng pagiging kasapi sa **World Trade Organization (WTO)** ng Pilipinas. Itinatag noong 1995, layunin ng WTO na magtaguyod ng "malayang kalakalan" sa buong mundo sangayon sa globalisasyong neoliberal. Ang totoo, isa itong instrumento ng monopolyo kapital para ibuyangyang ang palengke at hadlangan ang nagsasariling industriyalisasyon ng mga atrasadong kolonya at malakolonya. Naging tagapagtatag na kasapi nito ang Pilipinas 30 taon na ang nakalilipas.

Sa mga negosasyon pa lang para itayo ang WTO (tinawag na *Uruguay Round* at naganap mula 1986 hanggang 1994), bahagi na ng mga layunin nito ang pagbabawas sa mga subisidyo sa agrikultura at pagpapadali sa paggalaw ng dayuhang pamumuhunan. Partikular sa agrikultura, bahagi ng WTO ang Agreement on Agriculture (AoA). Itinulak ng AoA ang 1) pagbabawas sa direktang suporta sa lokal na produksyon, 2) pagbabawas sa proteksyon sa imported na produkto (sa pamamagitan ng taripikasyon at pagbabawas ng taripa), at 3) pagbabawas sa subsidyo sa eksportasyon.

Alinsunod sa WTO-AoA, isinabatas sa ilalim ng rehimeng Ramos ang Republic Act (RA) 8178 o **Agricultural Tarrification Act** (ATA) noong 1996. Inalis nito ang *quantitative restriction* (QR), o limitasyon sa dami ng maaaring pumasok na imported, sa lahat ng tipo ng produktong agrikultural maliban sa bigas. Ibinasura nito ang mga dating batas na nagbabawal sa importasyon ng sibuyas, patatas, bawang, *cabbage*, at kape.

Mula noon, dumausdos ang lokal na industriya sa mga naturang produkto. Halimbawa, 100% *self-sufficient* ang bansa sa bawang hanggang 1995 pero sumadsad ito sa 33% makalipas lang ang apat na taon sa ilalim ng WTO, at nasa 5.5% na lang nitong 2022.



Sa harap ng matinding protesta ng magsasaka at mamamayan, natulak ang gobyerno ng Pilipinas na humiling ng espesyal na konsiderasyon para panatilihin ang QR nito sa bigas. Tuloy-tuloy itong muling tinawaran para tumagal matapos mapaso una noong 2005, uli noong 2012, at sa huli hanggang 2017.[1]

Sa buong panahon, masugid ding tinulak ng World Bank (WB) ang liberalisasyon ng industriya ng bigas sa Pilipinas. Sing-aga ng 1980s bago pa itatag ang WTO, ay “ipinayo” na ng WB ang liberalisasyon sa kalakalang panlabas matapos nitong punahin ang umano'y “proteksyunsmo” ng bansa. Ang mismong pagsasabatas sa RLL ay sinuportahan nito sa pamamagitan ng USD400 milyong “development policy loan” noong 2019.[2]

## Pangunahing Laman

Ipinagdiwang ng mga imperyalistang institusyon at lokal na naghaharing-uri, ang pagsasabatas sa **RA 11203**[3] o Rice Liberalization Law noong Pebrero 14, 2019 sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sa Senado, bumoto para rito sina Cynthia Villar (pangunahing awtor), Sonny Angara, JV Ejercito, at Abby Binay.

Samantala, si Grace Poe ay nagsilbing awtor bagaman hindi bumoto, si Kiko Pimentel ay nagpahayag ng sumuporta pero hindi rin bumoto, habang si Bam Aquino ay absent sa botohan. Pinamunuan naman ni Gloria Arroyo ang Kongreso sa panahon ng pagsasabatas nito.

Inamyendahan ng **RLL** ang ATA at ginawang liberalisado ang industriya ng bigas sa pamamagitan ng:

1. pag-aalis sa QR sa imported na bigas at pagpapataw ng mas mababang taripa rito
2. pagbabansot sa National Food Authority (NFA)
    a. ipinasa ang importasyon ng bigas sa pribadong negosyo at naging tagapaglabas na lang ng permit na malinis ang papasok na imported
    b. pinagbawalang direktang magbenta sa palengke (pag-aalis sa *NFA rice*), at naging taga-imbak na lang ng reserbang suplay (*buffer stocking*)
3. Paglalaan ng makokolektang taripa para sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) atbpng. programa para umano sa magsasaka ng palay hanggang 2024

Sa gitna ng pandemya at mga lockdown noong 2021, inamyendahan ito ng **RA 11598**[4] para maglaan ng ayuda para sa magsasaka mula sa koleksyon sa taripa hanggang 2024 (*Cash Assistance to Farmers*).

Nitong 2024, inamyendahan muli ito ng **RA 12078**[5] para bigyan ng dagdag na kapangyarihan ang presidente sa anyo ng:

1. deklarasyon ng *food security emergency* kapag may "kakulangan o kakaibang pagtaas sa presyo ng bigas", kung kailan pinapayagan ang Department of Agriculture (DA) na:
    - magbenta ng *buffer stock* ng NFA sa Department of Social Work and Development (DSWD), National Disaster Risk Reduction and Management

## Dagdag-Gastos

Nadagdagan din ang paggastos ng gobyerno para umano sa bigas sa ilalim ng RLL.

1 https://ap.fftc.org.tw/article/1372
2 https://iboninternational.org/download/reproducing-systemic-violence-against-women-world-bank-development-policy-loans-full-paper/
3 https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2019/ra_11203_2019.html
4 https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2021/ra_11598_2021.html
5 https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra_12078_2024.html

Mula sa taunang P7 bilyong badyet hanggang 2019, naging **P22 bilyon ang karaniwang taunang badytet** ng *National Rice Program* ng DA mula 2020. Lumaki ito sa halos P20 bilyon noong 2020, naging halos P16 bilyon noong 2021 at 2022, at halos nadoble tungong P30 bilyon noong 2023 at 2024, pinakamalaki sa mga nakaraang taon. Gayunpaman, bumagsak uli ito sa P21 bilyon ngayong 2025.

Isang pagkukunan ng pondo ang dagdag na mga regresibong buwis gaya ng TRAIN Law at 12% digital VAT (Value-Added Tax); at dayuhang utang na may kaakibat na interes at mga kondisyon. Kasalukuyang hinahabol ng DA ang mas malaking USD 1 bilyong pautang ng WB para sa *"climate-resilient"* na bigas.[6]

Dagdag pa sa pondong inilaan para umano sa bigas ang nakokolektang taripa taon-taon. P10 bilyon mula rito ang inilalaan para sa RCEF at ang sobra (*excess rice tariff*) ay inilalaan pa rin para umano sa industriya ng bigas. Aabot na sa mahigit **P133 bilyon ang nakolektang taripa sa bigas** mula 2019 hanggang 2024, katumbas din ng P22 bilyon taon-taon.

| | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 | 2024 | 2025 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| National Rice Program | P7.4 bilyon | P19.5 bilyon | P15.5 bilyon | P15.78 bilyon | P30.2 bilyon | P30.8 bilyon | P21 bilyon |
| Rice tariff collection | P46.6 bilyon[7] | | | P22.74 bilyon[8] | P30 bilyon[9] | P34 bilyon[10] | -- |

Saan man nagmula, ang mga halagang ito ay kalakhang **hindi pinakikinabangan ng magsasaka** ng palay at iba pang mga tanim, at kabuuang sambayanang Pilipino. Iba pa sa malawak na katotohanan ng korapsyon at iregularidad sa paggamit sa pampublikong pondo gaya ng inulat ng Commission on Audit noong 2021),[11] makikita sa mga ibinunga ng RLL kung sino ang mga tunay na nakinabang.

Dagdag pa, katunayan ay **kulang pa rin** ang mga halagang ito kahit ipalagay na magamit nang tama. Sa panukalang Rice Industry Development Act (RIDA),[12] minumungkahing maglaan ng hindi bababa sa P185 bilyon para sa unang tatlong taon nito at P27 bilyon taon-taon sa mga susunod para sagipin at paunlarin ang lokal na industriya ng bigas.

*6 https://mb.com.ph/2023/2/10/philippines-seeks-record-world-bank-loan*
*7 https://www.dof.gov.ph/rice-tariffication-law-plows-in-p46-6-b-to-farm-sector-over-2019-2021-period/*
*8 https://www.philstar.com/headlines/2023/08/30/2292398/rice-tariff-collections-reach-nearly-p17-billion*
*9 https://www.philstar.com/business/2024/02/05/2330928/rice-tariff-collections-hit-p30-billion-2023*
*10 https://www.philstar.com/business/2025/01/13/2413728/record-p34-billion-rice-tariff-collected-2024*

Matuturing ding gastusin ng gobyerno ang nawalang kita o *foregone revenues* dahil sa pagbabawas sa taripa alinsunod sa RLL. Kaiba sa alokasyon ng badyet at koleksyon sa taripa na nagpapanggap pang para sa magbubukid, matuturing na lantarang subsidyo sa dayuhan at importer ang mga nawalang kita mula sa pagpapababa ng taripa dahil tinamo ito para padaliin ang importasyon.

Nauna nang pinaliit ng RLL ang taripa sa bigas mula 50% tungong 40% noong 2019. Pagsapit ng Mayo 2021, inilabas ng rehimeng Duterte ang Executive Order (EO) 135 na nagbawas pa rito tungong 35% hanggang Mayo 2023. Pinalawig naman ito ng EO 171 hanggang Disyembre 2022.

Dalawang beses pa itong pinalawig ng rehimeng Marcos Jr. sa pamamagitan ng EOs 10 at 50 hanggang Disyembre 2023 at 2024. Sa pamamagitan ng EO 62, pinabagsak pa ang taripa sa bigas tungong 15% na lang hanggang Disyembre 2027 na.

Batay sa mga taya ng Federation of Free Farmers at Bureau of Customs, **hindi bababa sa P38 bilyon ang nawalang kita ng gobyerno dahil sa mas mababang taripa** mula 2019 hanggang 2024.

| Rehimen | Petsa | Patakaran | Taripa | Epektibidad | Tinatayang nawalang kita |
|---|---|---|---|---|---|
| Duterte | Peb. 14, 2019 | RLL[13] | 50% → 40% | | P25 bilyon[14] |
| | May 15, 2021 | EO 135 | 40% → 35% | May 2022 | |
| | May 21, 2022 | EO 171 | 35% | Dis 2022 | |
| Marcos Jr. | Dis. 29, 2022 | EO 10 | 35% | Dis 2023 | |
| | Dis. 22, 2023 | EO 50 | 35% | Dis 2024 | *nda* |
| | Hun. 20, 2024 | EO 62 | 35% → 15% | Dis 2027 | P13 bilyon[15] |

Sa kabila ng mga ginastos na ito ng gobyerno, anong ibinunga ng anim na taon ng RLL?

*11 https://mb.com.ph/2021/08/18/coa-flags-da-for-billions-of-unspent-funds-accounting-irregularities/*
*12 https://docs.congress.hrep.online/legisdocs/basic_19/HB00405.pdf*
*13 https://www.wto.org/english/tratop_e/tpr_e/s368_e.pdf*
*14 https://www.bworldonline.com/economy/2024/01/31/572624/forgone-govt-revenue-from-undervalued-r ice-imports-estimated-at-p7-5-b-in-2023/*
*15 https://businessmirror.com.ph/2024/12/12/boc-rice-tariff-cuts-cost-n-g-p13-b-foregone-revenue/*

# ANIM NA IBINUNGA NG ANIM NA TAON NG RICE LIBERALIZATION LAW

Kumpara sa dati nang binansot at pinabayaan nitong kalagayan, **naging mas malubha pa ang krisis sa bigas** mula nang ipatupad ang RLL. Sa ilalim nito: 1) nanatiling nakapako ang produksyon ng palay, 2) bumaba ang kita ng magsasaka ng palay, 3) lumaki ang kontrol sa suplay at bahagi sa presyo ng *rice traders*, 4) dumoble ang importasyon ng mas kaunting *rice importers*, 5) bumibilis na muli ang pagtaas ng presyo ng bigas, at 6) lumubha ang kawalang-seguridad sa pagkain.

### 1. Nakapako ang produksyon ng palay

Kabaligtaran sa islogang "masagang ani at mataas na kita" ng DA sa ilalim ng nakaraang rehimeng Duterte, nanatiling nakapako ang ani at bumamba pa nga ang kita ng magsasaka ng palay sa ilalim ng RLL.

Halos walang pinagbago sa lokal na produksyon ng palay kahit bilyon-bilyon ang pondong inilaan para umano paunlarin ito. Katunayan, mas malubha pa ang *performance* nito sa nakaraang anim na taon ng

RLL kaysa sa dati nang malamya rin nitong kalagayan dahil sa malaon nang kapabayaan ng gobyerno.

Kinatatangian na ng istagnasyon ang lokal na industriya ng bigas sa mga taon bago pa ang RLL. Kakarampot ang itinaas ng eryang sinaka (100 libong ektarya), bolyum na nalikha (1.1 milyong MT), at produktibidad (0.2 MT/ektarya) ng palay sa nakaraang anim na taon bago ang RLL. Pero sa ilalim nito, **nabawasan pa ng 200 libong ektarya ang *area harvested* ng palay** mula 2018; samantalang walang itinaas at nanatiling nakapako sa 19 milyong MT ang bolyum ng produksyon ng palay, at sa humigit-kumulang 4 MT/ektarya ang produktibidad nito.

| *Rice* | 2012 | 2018 | 2024 |
|---|---|---|---|
| *Area harvested* | 4.7 milyong ektarya | 4.8 milyong ektarya | 4.6 milyong ektarya |
| *Volume produced* | 18.0 milyong MT | 19.1 milyong MT | 19.1 milyong MT |
| *Yield per hectare* | 3.8 MT/ektarya | 4.0 MT/ektarya | 4.1 MT/ektarya |

## 2. Bumaba ang kita ng magsasaka ng palay

Samantala, bumagsak ang kita ng magsasaka ng palay. Kasunod ito ng pagtaas pa ng gastos sa

produksyon at pagbaba ng presyo ng palay. **Nabawasan ng P1.9/kilo ang karaniwang kita ng magsasaka ng palay** mula P8.4/kilo noong 2018 tungong P6.5/kilo na lang nitong 2023. Mas masahol pa ito kaysa sa nakaraang anim na taon bago ang RLL sa pagitan ng 2013 at 2018 kung kailan may kakarampot itong itinaas na P3.44/kilo.

| Palay | 2013 | 2018 | 2023 |
|---|---|---|---|
| Gastos sa produksyon | P11.97/kilo | P12.00/kilo | P13.38/kilo |
| *Farmgate price* | P16.93/kilo | P20.40/kilo | P19.88/kilo |
| Kita ng magsasaka | P4.96/kilo | P8.40/kilo | P6.50/kilo |

Sa bawat ektarya, nabawasan ang kita ng magsasaka ng palay nang P6,268 sa pagitan ng 2018 bago ang RLL at 2023 o limang taon sa ilalim nito. Mas masahol din ito kaysa P9,641/ektarya pagtaas bago ang RLL sa pagitan ng 2013 at 2018. Katunayan, ang karaniwang kitang P10,836/ektarya noong 2022 ay pinakamababa na mula 2007 o halos dalawang dekada ang nakakaraan.

| Netong kita kada ektarya | 2013 | 2018 | 2023 |
|---|---|---|---|
| | P23,712 | P33,353 | P27,085 |


Ang mas malalaki at mas madadalas na pagkalugi o pagkabangkrap, at, kung gayon, mas malalim na pagkakautang ng mas maraming magsasaka ay may pangmatagalang mapanirang epekto hindi lang sa mga indibidwal na pamilya kundi sa buong lokal na industriya ng bigas. Tinutulak nito palayo sa produksyon ng palay pareho ang kapital at lakas-paggawa ng uring magsasaka. Nagbubunga ito ng pagpapalit-tanim tungo sa ibang pinagpapalagay na mas mabentang *cash crop*, o pagbebenta ng lupang palayan para palitan-ng-gamit tungo sa pinagpapapalagay na mas mapagkakakitaang operasyon sa lupa, o pag-iwas sa trabaho sa palayan kapalit ng pinagpapalagay na mas kumikitang kabuhayan o trabaho sa ibang tanim o sa labas na mismo ng agrikultura.

## 3. Lumaki ang kontrol sa suplay at bahagi sa presyo ng *rice traders*

Lumaki ang bahagi ng suplay na hawak ng *traders* habang bumagsak ang sa gobyerno. Sa pagitan ng 2013 at 2018, karaniwang 47% ng *rice stocks* ang nasa *households* o mga kabahayan, 34% ang nasa *commercial*, at 19% ang nasa NFA. Nitong 2019 hanggang 2024, habang nanatiling 49% ng suplay ang nasa mga kabahayan, tumaas ang bahaging

nasa *traders* tungong 41% matapos lumiit ang bahaging nasa NFA na may 10% na lang. Tila napunta sa pribadong traders ang bahagi ng suplay na hawak dati ng gobyerno. Ang **56% bahagi sa kabuuang *rice stock* ng *commercial*** nitong 2024 ang pinakamalaking bahagi na nito mula pa 1980.

| Rice stock | 2013-2018 | 2019-2024 |
|---|---|---|
| Household | 47% | 49% |
| Commercial | 34% | 41% |
| NFA | 19% | 10% |



Taon-taon namang bumagsak ang dati nang maliit na bolyum at bahagi sa kabuuang produksyon ng nabibiling lokal na palay ng NFA. Sa taong 2023, mas maliit pa sa kalahating porsyento ang kabuuang nabili nitong lokal na palay.


| NFA procurement | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|
| Palay (MT) | 731,744 | 683,132 | 460,482 | 299,648 | 78,419 |
| Bahagi sa kabuuang produksyon | 3.89% | 3.54% | 2.31% | 1.52% | 0.39% |

Lalong nawalan ng kakayahan ang gobyerno na iregula ang presyo. Tumaas pareho ang presyo sa bultuhan at tinging pagbebenta ng bigas habang nanatiling nakapako ang presyo sa *farmgate* ng palay ayon sa PSA. Sa anim na taon bago at matapos ipatupad ang RLL, **nanatiling P18.4/kilo ang karaniwang presyo ng palay** sa *farmgate*. Pero sa anim na taon matapos ipatupad ang RLL, parehong nadagdagan ang karaniwang presyo ng bigas nang P2/kilo sa bultuhan at nang P3.5/kilo sa tingi.

| Average price | 2013-2018 | 2019-2024 |
|---|---|---|
| Farmgate | P18.4/kilo | P18.4/kilo |
| Wholesale | P35.0/kilo | P37.0/kilo |
| Retail | P37.4/kilo | P40.9/kilo |

Sa gayon, lumaki ang bahagi ng traders sa kabuuang presyo ng bigas habang lumiit ang sa magsasakang produser. Nitong 2023, sa P42.80/kilo karaniwang *retail price* ng bigas, P4/kilo (9%) ang bahagi ng *retail trader*, P18.9/kilo (44%) ang sa *wholesale*, P6.5/kilo ang sa magsasaka (15%), at P13.4/kilo (31%) ang gastos sa produksyon. Sa kabuuan, **mahigit kalahati (53%) ang bahagi ng traders sa presyo ng bigas** nitong 2023.


PHP 42.80/KG RICE PRICE (2023)




Ang *retail traders*, na may pinakamaliit na bahagi sa presyo, ang una at direktang tatamaan ng mga pabalat-bungang *maximum suggested retail price* (MSRP) ng rehimeng Marcos Jr. Kinabibilangan ito ng mga *vendor* at maliliit na nangungupahan ng pwesto.

## 4. Dumoble ang importasyon ng mas kaunting *rice importers*

Naging mas konsentrado sa mas maliit na bilang ang mas malaking importasyon ng bigas. **Mahigit dumoble (139%) ang bolyum ng imported na bigas** mula 2 milyong MT noong 2018 tungong 4.78 milyong MT nitong 2024. Mahigit nadoble (124%) din ang halaga nito mula USD 737 milyon noong 2018 tungong USD 1.65 bilyon nitong 2023. Pero sa gitna nito, lumiit ang bilang ng mga importer mula 217 kumpanya noong 2019 tungong 154 na lang nitong 2024.




| Rice importers | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 | 2024 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 217 | 193 | 154 | 152 | 145 | 154 |

Noong 2019, inimport ng 10 pinakamalalaking kumpanya ang 23.6% ng kabuuang bolyum ng imported na bigas. Pero nitong 2024, umabot na sa **39.5% ng kabuuang bolyum ang inimport ng 10 pinakamalaking kumpanya pa lang.**

| Pinakamalalaking importer, 2024 | Bolyum ng inimport (MT) | % sa buong bolyum |
|---|---|---|
| 1. BLY Agri Venture Trading | 326,009.04 | 6.82% |
| 2. Atara Marketing Inc | 274,385.30 | 5.74% |
| 3. Orison Free Enterprise Inc. | 195,199.45 | 4.08% |
| 4. KING B COMPANY | 189,798.28 | 3.97% |
| 5. MACMAN RICE AND CORN TRADING | 185,734.30 | 3.88% |
| 6. RBS Universal Grains Traders Corp | 168,480.62 | 3.52% |
| 7. River Valley Distribution, Inc. | 163,110.00 | 3.41% |
| 8. SODATRADE CORPORATION | 136,120.00 | 2.85% |
| 9. LUCKY BUY AND SELL | 130,124.00 | 2.72% |
| 10. Vitram Marketing Inc. | 117,533.88 | 2.46% |
| Total | 1,886,494.87 | 39.56% |

## 5. Bumibilis ang pagtaas ng presyo ng bigas

Habang malalim at pangmatagalan ang mga naging pinsala sa lokal na industriya ng palay, papataas at bumibilis pa ang pagtaas ng presyo ng bigas ngayon matapos ang mababaw at panandaliang pagbaba nito dahil sa pagbaha ng imported na bigas sa tulak ng RLL.

Bahagyang bumaba ang presyo ng bigas noong 2019 matapos ang unang bugso ng importasyon sa ilalim ng RLL. Mula sa karaniwang 1 milyong MT lang na taunang bolyum ng iniimport na bigas sa pagitan ng 2012 at 2018, bumaha ang 3.12 milyong MT imported na bigas sa unang taon lang ng RLL noong 2019. Pumasok sa bansa ang bolyum ng imported na bigas na katumbas ng bolyum ng importasyon para sa mahigit tatlong taon. Mula noon, hindi na rin bumaba sa 2 milyong MT ang taunang iniimport na bigas sa bansa.  Sa kabila ng tuloy-tuloy na pagbaha ng imported, bumagal ang pagbaba ng presyo ng bigas sa gitna ng pandemyang Covid at mga militaristang lockdown noong 2020 at 2021. Mula noon, taon-taon na uling tumataas at bumibilis pa ang pagtaas ng presyo ng bigas. Sa pagitan ng 2018 at 2024, tumaas na ng 17% ang presyo ng bigas sa buong bansa. Damang-dama lalo ng pinakamaralita (mga magsasaka atbp. anakpawis sa kanayunan din) ang

pagtaas na ito. Sa parehong panahon, tumaas lang ng 14% ang minimum wage sa NCR. Malaganap pa ang walang pormal o kahit anong trabaho, at mas mababa pa ang sahod sa ibang mga rehiyon at sa sektor ng agrikultura. Ang mga magsasaka mismo ng palay ay bumagsak pa nga ang kita.

| Rice price index, 2018=100 | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 | 2024 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 95.8 | 92.2 | 91.6 | 93.5 | 101.1 | 117.1 |

## 6. Lumubha ang kawalang-seguridad sa pagkain

Lumubha ang kawalang-seguridad sa bigas at pagkain, at naging higit na palaasa sa dayuhan ang buong bansa. Mapanganib ito dahil manipis at mabuway (thin and volatile) ang pandaigdigang kalakalan sa bigas.[16] Kalakhang kinokonsumo ang bigas kung saan ito nililikha kaya 7% lang ng kabuuang produksyon ng bigas ang umiikot sa pandaigdigang pamilihan. Sa ilalim ng RLL, sumirit ang rice import dependency ng bansa mula 14% noong 2018 tungong 23% nitong 2022.

Bukod sa pagkain, apektado rin ang iba pang industriyang karugtong ng palay. Ang pagkabansot ng lokal na produksyon ng palay at bigas ay nagpapabansot din sa mga industriyang kailangan

nito (o upstream, gaya sa seeds, inputs, tools) at kailangan ito (o *downstream*, gaya sa *milling*, pakain, at pagkain). Noong 2019 pa lang ay aabot[17] na sa 6,000 *millers* ang nagtigil ng operasyon. Sa pagitan ng 2012 at 2022, nawalan ng *rice and corn mills* ang kabuuang 1,040 barangay sa buong bansa. May[18] 16,476 barangay ang may *rice and corn mills* noong 2012 pero 15,436 barangay na lang ito nitong 2022.

Nangangahulugan din ito ng pagkalusaw ng mga hanapbuhay at pagtindi ng kompetisyon pababa para sa sahod. Hindi nakapagtatakang lumala ang kahirapan at kagutumang dinaranas ng mamamayan sa parehong panahon. Sa regular na sarbey ng Social Weather System, bahagyang nabawasan ang *self-rated poverty*, *food poverty*, at *hunger* sa huling anim na taon bago ang RLL mula 2012 hanggang 2018. Pero naging mas malubha pa lahat ng ito matapos ang anim na taon ng RLL nitong 2024. Ang 57% self-rated poverty at 44% *self-rated food poverty* sa 2024 ay pinakamataas na mula 2003.

| | 2012 | 2018 | 2024 |
|---|---|---|---|
| Self-rated poverty[19] | 52% | 48% | 57% |
| Self-rated food poverty[20] | 41% | 33% | 44% |
| Self-rated hunger[21] | 19.9% | 10.8% | 20.2% |

*16 https://nyaspubs.onlinelibrary.wiley.com/doi/10.1111/nyas.12540*
*17 https://www.philstar.com/business/2019/07/30/1938951/more-rice-mills-stop-operations*
*18 https://www.philstar.com/business/2025/01/02/2411192/rice-corn-mills-close-shop-over-1000-barangays*
*19 https://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20250108133909*
*20 https://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20250108133909*
*21 https://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20250114210615*

# PAGSASARA

## Krisis sa bigas, krisis ng malapyudalismo

Ang krisis sa bigas at agrikultura ay bahagi at bunga ng malapyudal na krisis sa kabuuang ekonomya ng bansa. Pyudal na pagkaatrasado ng lokal na industriya ng bigas ang ginamit na katwiran at tuntungan ng mga imperyalistang institusyon para itulak ang mga lokal na burukrata na ipatupad ang RLL.

Pinalalala rin ng RLL ang panunuot ng pyudalismo. Higit na tinutulak ng mas malubhang krisis sa bigas ang mas maraming magsasaka ng palay na tumigil sa pagtatanim dahil sa pagkalugi at pagkabangkarote. Maaaring matulak silang magsangla o magbenta ng lupa, hayop, o iba pang kagamitan sa produksyon na maaaring kanilang inaari, kundi man ito sapilitang kinakamkam sa kanila. Ang iilan namang nakakaipon ng puhanan ay natutulak na maghanap ng ibang mapaglalagakan ng kapital sa halip na sa paluging produksyon ng palay o bigas.

Sa kabilang banda, hihikayatin nito ang paglawak ng mga operasyong komersyante at komprador (gaya ng

importasyon), at sa gayon ng pagsasamantalang malapyudal. Sa buong proseso, nilalamon ng pinakamalalaki ang maliliit na panginoong-maylupa at kapitalista, higit na tumitindi ang konsentrasyon at monopolyo sa lupa at kapital sa bansa. Higit na naaksaya ang likas-yaman at lakas-paggawa ng Pilipinas sa pagpapasulpot ng supertubo ng iilang naghaharing-uri. Pinalulubha rin nito ang problema sa lupa, kabilang ang problema sa land-use conversion dahil sa mas malakas na tulak na, halimbawa, gawing mall ang mga palayan. Gayundin ang problema sa kawalan ng disenteng trabaho at kabuhayan; tumitindi ang kompetisyong mamasukan bilang manggagawang mababa-ang-sahod at kontraktwal sa kung ano-anong establisyemento kaysa magtanim ng palay o magtrabaho sa palayan.

Ang lumalaking gastos namang inilalaan umano para sa bigas ay nagpapaypay din sa burukrata-kapitalismo, partikular sa malawakan at malakihang korapsyon at sistemang padrino. Para tustusan ang lahat ng ito, humihigpit ding lalo ang tulak para sa mas malaking pangungutang sa mga dayuhang bangko o "mang-akit" ng dayuhang kapital. Sumasahol ang kawalang-kakayanan ng bansa na likhain ang mga sarili nitong pangangailangan mula sa pinakabatayang pagkain. Pahihigpitin nito ang

pagsandig ng lokal na naghaharing sistema sa pandaigdigang sistemang kapitalista na monopolyado rin ng mas dambuhala pang dayuhang kapital.

## Tunay na Reporma sa Lupa at Pambansang Industriyalisasyon

Lalo nitong pinatitingkad ang humihigpit na pangangailangan para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Ang krisis sa bigas ay hindi lang problema sa mataas na presyo, mababang lokal na produksyon, at kakulangan ng suplay, problema rin ito ng monopolyo sa produksyon at pamilihan, dayuhang panghihimasok, at kabuhayan ng mamamayan.

Totoong kailangang paunlarin ang **produksyon** ng palay at bigas ng bansa. Pero hindi ito makakamit sa pamamagitan lang ng pagbubuhos ng kapital o pag-iimport ng dayuhang teknolohiya. Ginawa at pumalpak na ito sa Pilipinas sa pamamagitan ng Masagana 99 alinsunod sa imperyalistang Green Revolution noong 1970s hanggang 1980s.[22]

Gaano man karaming pondo o gaano man kaabante ang teknolohiya, hangga't monopolyado ang mga kagamitan sa produksyon at pamilihan sa palay, bigas, at kabuuang agrikultura, silang mga monopolista lang ang tatamasa ng anumang benepisyo sa anumang "pag-unlad". Katunayan, isa ang industriya ng bigas sa may pinakamataas na antas ng konsentrasyon at sentralisasyon kahit ayon sa mga pag-aaral ng gobyerno.[23] Kailangang basagin ang monopolyo sa lupa, sa mga input at kagamitang pansaka, sa puhunan, sa mga kagamitan sa transportasyon at distribusyon, atbp. Ito ang sentral na layunin ng tunay na reporma sa lupa na nasa ubod ng programa para sa tunay na repormang agraryo.

Sa kabilang banda, kailangang proteksyunan at pasiglahin ang lokal na industriya ng bigas. Hindi dapat gawing pangunahing tuntungan ng mga pagpapasya ng gobyerno ang mga imposisyon o "payo" ng mga dayuhang institusyon at negosyo. Kailangang magkaroon ito ng nagsasarili, makatarungan, malinaw, balansyado, at sustenableng plano para sa pagpapaunlad ng pambansang industriya sa bigas. Kabilang dito hindi lang ang pagtataas sa produktibidad ng palay kundi maging ang produksyon ng mga binhi, inputs, makinarya, pasilidad, atbpng. kailangan para sa produksyon ng bigas.

Bubuksan nito ang pagpapaunlad sa mga industriyang karugtong ng palay, gaya sa mga pakain at pagkain. Matitiyak ng pagkakaroon ng pambansang planong industriyal na magagamit ang naiipong lokal na kapital para sa lokal na pag-unlad. Mahalaga ang pag-unlad ng mga industriya dahil ito rin ang pangmatagalang magtitiyak sa kasapatan ng trabaho para sa mamamayan. Kabilang bahagi ng pagiging abot-kaya ng bigas ang pagkakaroon ng kakayanang bumili nito.

Bahagyang isinalarawan dito ang pambansa-demokratikong programang malaon nang isinusulong ng magbubukid at mamamayan. Sa gayon, kailangang higit na pasiglahin ang **pambansa-demokratikong pakikibaka.** Ang krisis sa bigas ay problema ng malawak na mayorya ng mamamayan at direkta nitong sinasapul ang mga sentral na problema sa lipunang Pilipino: imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo. Makatwiran lang na abutin ang lahat ng sektor na apektado nito mula sa mga tagalikhang magsasaka, tagaprosesong millers, maliliit na manininda, maliliit na negosyo sa pagkain, at buong mamamayang kumakain ng bigas. Dapat ilinaw ang ugat ng krisis na ito at kung gayon ang mga pangmatagalan at pundamental na solusyon.

Sa larangan ng lehislatura, dapat ibasura ang RLL at kapalit nito ay magsabatas ng programa para sa pagtataguyod ng sariling industriya sa bigas ng bansa, gaya ng nakasaad sa RIDA at Genuine Agrarian Reform Bill (GARB). Walang aasahang kagyat na solusyon sa ilalim ng kasalukuyang gobyerno at balangkas nito ng mga patakaran. Ang mga kagyat na hakbang pasulong ay nasa pagbubuo sa pagkakaisa ng mamamayan para tutulan ang mga patakarang nagpapalala sa krisis sa bigas, agrikultura, at kabuuang ekonomya ng bansa.

*22 https://peasantmovementph.com/2022/01/07/9-paraan-pinahirapan-ng-mga-marcos-ang-magbubukid-at-winasak-ang-agrikulturang-pilipino/*
*23 https://pids.gov.ph/publication/books/how-modern-is-philippine-agriculture-and-fisheries-the-agriculture-and-fisheries-modernization-act-after-a-quarter-century*